

KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA ELEKTRONIKONG PAGSALIN NG BENEPISYO (EBT)

- Kung ikaw ay lilipat sa ibang Lalawigan o sa labas ng Estado at ikaw ay nag-aplay para sa mga benepisyo sa Lalawigan o Estado na iyon, ikaw ay makatatanggap ng isang bagong kard na EBT. Kung ikaw ay mayroong naiwang selyong pangpagkain na mga benepisyo sa iyong lumang kard na EBT, maaari mo pa ring magamit ang mga ito sa iyong bagong lokasyon. Mangyaring alalahaning gamitin lahat ng natitirang mga benepisyo sa iyong lumang kard sa lalong madaling panahon.
- Kung maganap ang mali ng sistema ng EBT at ang maling halaga ay naibawas sa iyong kwentas, tawagan ang numero ng libheng-tol ng Serbisyo sa Parukyano (1-877-328-9677). Ang iyong hiling ay iimbestigahan at, kung ikaw ay karapat-dapat sa isang pagbabalik ng selyong pangpagkain o mga benepisyo na salapi, ang iyong kwentas ay makekredituhan para sa halaga. Kung tinanggihan ang iyong hiling, ikaw ay may karapatan na humiling ng isang pagdinig ng estado sa iyong lokal na opisinang pangkakanan.
- Kung hindi mo gagamitin ang iyong mga benepisyo sa 180 araw, hindi mo maaaring magamit ang iyong mga benepisyo hangga't sa matawagan mo ang iyong manggagawa ng Lalawigan. Kung ang karagdagang 185 araw ang lumipas at hindi mo pa rin ginamit ang iyong mga benepisyo, ang iyong mga benepisyo ay tatanggalin sa iyong kwentas bawat buwan. Ang selyong pangpagkain na mga benepisyo ay hindi maaaring maibalik. Ang iyong mga benepisyong na salapi ay maaaring maibalik kung tatawagan mo ang iyong manggagawa ng Lalawigan.